

1

Nagising agad si April sa unang tilaok ng tandang. Mayamaya ay sunud-sunod na ang maingay na sagutan ng mga manok na pag-aari ng kanilang kapitbahay. Parang mahapdi sa mata ang pagtama ng sikat ng araw sa kanyang mukha. Pagtingin niya sa kanyang unan ay napansin niyang basa-basa pa iyon.

She had been crying in her sleep again.

Alam niyang hindi makabubuti sa kanya na ganito na lang gabi-gabi. Ngunit wala rin siyang magawa dahil parati siyang dinadalaw ng alaalang pilit niyang kinakalimutan. Iyon ang dahilan kaya siya nagpunta sa probinsya ng ina— para makalayo sa gulong inabot sa Maynila.

Pero, heto siya, parang ayaw tulungan ang sarili.

Eh, ano ang magagawa niya? Hindi niya puwedeng basta puwersahin ang sarili na makalimot. May tatlong buwan na ang nakakaraan nang tumuloy siya sa bahay ng kanyang Tita Sandra sa Binmaley, Pangasinan. Pero pakiramdam ni April ay tila kahapon lang nang magpakita siya sa tiyahin na parang zombie at manhid sa anumang pakiramdam.

Bakit ganito na lang ang nararamdaman niyang sakit tuwing haharapin ang isang bagong araw? Minsan naiisip niyang sana ay hindi na lang siya nagising. Parang may kadena ang mga paa na kinaladkad niya ang sarili mula sa higaan at nagbihis ng isang dark floral dress pagkatapos maghilamos.

Tahimik pa ang buong kabahayan nang mga oras na iyon. Pagtingin niya sa antigong orasan sa sala ay nakita niyang alas cinco pa lang iyon. Mayamaya lang ay magigising ang kanyang Tita Sandra. Ito ang tanging kasama niya sa lumang bahay na iyon na ipinamana rito ng kanyang lolo at lola.

Lumabas siya ng bahay para magwalis ng mga tuyong dahon sa kanilang bakuran. Bahagya siyang nanginig sa hamog na hatid ng umaga. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nasasanay sa klima sa probinsya. Minabuti niyang bilisan ang pagkilos para maisabay na ang pag-eehersisyo.

April's brisk movements banished the chill from her body. Somehow, her mood improved. She felt like her spirit was slightly uplifted. Huminga siya nang malalim at sinamyo ang preskong hangin.

Alam niyang tama ang ginawang desisyon na mamalagi muna sa Pangasinan para makalayo. Kung nasa Maynila siya ay wala siguro siyang malalanghap

na sariwang hangin.

Bagaman laking Maynila, hindi niya talaga gusto ang fast-paced lifestyle sa siyudad. Parang walang inintindi ang karamihan kundi trabaho, gimik at good time. Ang mga magulang niya ay masyadong abala sa negosyo para pagtuunan silang magkapatid ng pansin.

April never resented her parents. Mabuting tao ang mga ito at lumaki sila ng kanyang Kuya Louie na maayos at may disiplina. Ngunit may mga pagkakataon na kailangan niya ang mga magulang pero walang panahon ang mga ito sa kanya.

Nang umalis siya ng bahay ay nasa ibang bansa ang mga ito. Malamang ay di pa rin nakakabalik ang mga magulang. Her parents were attending educational conferences all over Southeast Asia.

Pag-aari ng mag-asawang Fontanilla ang ilan sa mga private schools sa Maynila. Isa siya sa mga directors ng pinakamalaki nilang grade school.

Ano kaya ang magiging reaksyon ng mga magulang kapag nalaman na tatlong buwan na siyang hindi nagre-report sa trabaho? Hindi niya gaanong inaalala ang mga trabahong naiwan. Mapagkakatiwalaan at maaasahan ang mga officers

na iniwan niya para patakbuhan nang maayos ang school.

Laking pasalamat ni April sa mainit na pagtanggap ng kanyang Tita Sandra kahit walang abiso ang pagdating niya. Ni hindi ito nag-usisa kung bakit napasugod siya sa lugar na iyon. Tita Sandra just took one look at her at niyakap siya nang matagal. Naalala pa ni April ang tila walang-katapusan niyang pag-iyak sa balikat ng tiyahin. Makalipas ang ilang linggo ay saka lang niya naikuwento ang lahat-lahat.

She had suffered a miscarriage na muntik na niyang ikamatay. Dinadala niya ang limang buwang anak nila ng kasintahang si Rico nang duguin siya. Wala sa tabi niya ang nobyo dahil nagtalo sila nang mga panahong iyon.

She was already three months pregnant when she decided to break the news to him. Imbis na matuwa ito sa balita, kinumbinsi pa siya nito na ipalaglag ang bata.

“I’m not ready for a child right now, April.”

Iyon ang huling narinig niya rito bago ito tuluyang naglaho sa buhay niya. Daig pa niya ang pinagsakluban ng langit at lupa. But she was determined to keep the baby with or without its

father.

Ngunit dala na rin siguro ng stress, nakunan siya kahit limang buwan na siyang buntis. She was rushed to the hospital. Nang magkamalay siya ay sinabi ng doktor ang malungkot na balita—wala na ang bata. The doctor said that she was lucky to have lived. Maraming dugo umano ang nawala sa kanya.

Ang totoo, naisip niyang mas maganda siguro kung nakasama na lang siya ng anak sa kabilang buhay. Nahulog siya sa depression nang mga sumunod na araw.

Kung hindi lamang siya iniwan ni Rico, malamang ay isa na siyang ina. Kung hindi sana siya pinabayaan nito, pamilya na sana sila ngayon...

Kahit ang Kuya Louie niya na malapit sa kanya ay walang nagawa. Ilang araw siyang tulala pagkatapos ng nangyari at halos hindi kumakain. Lapitan man siya ng kapatid ay parang nakipag-usap lamang ito sa pader. It was as if she had shut herself from the outside world.

One night, she just packed her bags and left. Masyado nang maraming tao ang nadadamay sa kalungkutan niya. She thought it would be useless going back to work. Batid niyang kumalat na rin doon

ang balita.

In one way or another, batid niyang maaapektuhan ang magandang reputasyon ng kanilang paaralan. Pero tinatagan niya ang sarili. Inayos niya ang lahat ng iiwanang trabaho at nag-file ng indefinite leave.

Hindi niya alam kung hanggang kailan siya ganito, kung gaano katagal siyang mawawala. Ayaw niyang madatnan siya ng mga magulang na nagdadalamhati.

Dala ang isang overnight bag ay dumerecho siya sa bus terminal. Hindi siya nagpaalam kahit kay Louie. She needed to go somewhere quiet, where no one knew about her gloomy past. Napagpasyahan niyang tunguhin ang lugar na kinalakhan ng ina—sa Pangasinan, sa Tita Sandra.

Natuwa rin ang tiyahin dahil may makakasama na umano ito sa bahay. Matandang dalaga ito at walang mga anak na puwedeng makasama. Nalulungkot si April para sa tiyahin dahil napakabait nito at maalaga. Kahit sinong anak ay ipagmamalaki ang tulad nitong simple at mapagmahal na tao. Kung minsan ay mas ina pa ito kaysa sa mommy niya na kapatid nito.

It was really a good decision to go there. The rustic community was exactly what she needed.

Walang kaso kung nasa loob lang siya ng bahay araw-araw dahil walang nakakakilala sa kanya. Madalang kasi siya kung lumabas, kapag kailangan lamang niyang maglinis o mamalengke.

Pagkatapos magwalis ay dali-dali siyang pumasok sa loob para kunin ang malaking basket. Ayaw niyang inaabutan ng tanghali sa palengke dahil hindi pa rin siya komportableng makisalamuha sa mga tao. The less people she interacted with, the better. Pabor sa kanya na maagang nagbubukas ang palengke dahil sa mga nagdadala ng mga paninda mula sa mga karatig-bayan.

Medyo may kalayuan ang bahay ng kanyang Tita Sandra sa palengke, ngunit pinipili ni April na maglakad tuwing umaga. Exercise na rin. Pero para siyang laging hinahabol ng kung ano sa bilis niyang maglakad.

Pakiramdam niya kasi, sa madalang na panahon na lumalabas siya ng bahay ay pinagtitinginan siya ng mga tao. She was too fair-skinned to be considered a local. Her wavy hair was so dark it was gleaming. Umaabot iyon hanggang sa baywang niya. Bilugan at itim din ang kanyang mga mata at mahahaba ang kanyang pilik. Her cherry red lips were naturally soft. Slim ang kanyang pangangatawan, pero tingin

ni April ay unti-unti siyang nagiging patpatin dahil wala pa rin siyang ganang kumain.

She must be sticking out like a sore thumb in that rural place. Noon pa man ay kapansin-pansin na talaga ang kutis niya. At dahil karamihan sa mga residente sa bayang iyon ay babad sa araw, para tuloy siyang labanos sa kaputian kung ihahambing sa karaniwan. Wala siyang magawa dahil kahit ibilad pa niya ang sarili sa araw ay hindi talaga nagta-tan ang kanyang balat.

Nakarating siya sa plaza at natanaw niya ang malaking compound ng simbahan ng *Our Lady of Purification*. Patawid na sana siya ng kalsada nang mamataan niya ang isang batang lalaki sa kabilang kalye. Sumigaw ito pagkatapos ay mabilis na tumakbo at biglang niyakap ang binti ng isang babae. Natatawang yumuko ang huli para guluhin ang buhok ng bata.

Nanikip ang dibdib ni April. Kahit malayo siya ay nabasa niya ang isinigaw ng bata. Ang salitang napakasakit para sa kanya.

Mama! Mama!

Humigpit ang pagkakahawak niya sa basket. She felt the rough texture of the fine wicker scrape her soft

skin. Naramdaman din niya ang pagbigat ng dibdib at ang pag-iinit ng sulok ng mga mata sa nasaksihan. Mabilis siyang tumawid sa kabilang kalye.

Kung naiba lang ang sitwasyon, may anak na rin sana siya. Pero kahit anong panghihinayang at pag-iisip ang gawin niya, hindi na mababago ang realidad. Isa iyong mahapding sugat na ayaw maghilom kahit anong pilit niya.

Even if it seemed like the longest walk of her life, nakarating din siya ng palengke. Gaya ng inaasahan, hindi pa gaanong matao ang lugar. May ilang kalalakihan na nagde-deliver ng iba't ibang produkto sa naruong stalls.

The day was going against her well-laid plans. Na-late yata siya sa pagdating. Lumipat pa ng puwesto ang suki niya ng gulay. Nagpaikot-ikot pa siya sa buong palengke bago nahanap ang tindera. Medyo natagalan pa siya sa pagbili dahil nawili sa dami ng mga sariwang gulay na pagpipilian. Nasa palengke pa lang ay iniisip na niya ang recipe na gagamitin para sa mga pinamili.

Naalala ni April na kailangan pa niyang bumili ng karne dahil nagre-request ng pork sinigang ang tiyahin. Naglakad siya papunta sa meat stand. Maingay ang parte na iyon ng palengke—rinig na

rinig ang tunog ng mga kutsilyong hinahasa, ang dagundong ng naglalakihang cleavers para sa pag-chop ng mga malalaking parte ng karne. Isama pa ang sigaw ng mga nagtitinda habang nagtatawag ng mamimili.

Nakita niya ang isang matandang babae na nakatayo at matiyagang pinapanood ang isang lalaki habang nagcha-chop ito ng pata ng baboy. Magustuhan kaya ng kanyang Tita Sandra kung *Pork a la Bulalo* na lang ang lutuin niya? Walang problema kay Mang Tonio, isa sa mga kapitbahay nila na tumutulong sa pangangasiwa sa palaisdaan ng tiyahin. Naa-appreciate ng matanda ang lahat ng niluluto niya.

Napukaw lang siya sa pag-iisip nang may magsalita.

“Miss, ano’ng hanap n’yo?”

2

“Pare, tinakot mo yata ’yung babae,” tukso ni Fred, isa sa mga tindero sa meat shop na iyon. Pinagmasdan nito ang kasama. “Hoy, ano ba’ng nangyayari sa’yo?” Natatawang tinapik nito ang kaibigan na nakasunod pa rin ang tingin sa kaaalis lang na babae.

Saka lang parang natauhan si Dante. Ibinalik niya ang atensyon sa ginigiling na karne.

“Anong tinakot? Bumili naman sa atin ’yung babae, ah,” katuwiran niya.

“Oo nga, pero kung matitigan mo, parang kakainin mo nang buhay. Sino’ng hindi matatakot d’un?”

Nagkibit-balikat siya. “Masama bang tumingin? Sino ba ’yun? Parang ngayon ko lang nakita sa bayan.”

Naputol ang kanilang pag-uusap nang may dumating na mamimili. Kaagad itong inasikaso ni Fred.

Natapos na ang huling kilo ng baboy na giniling ni Dante. Isinalin niya sa isang malalim na bandehado ang karne at inilagay iyon sa harap kasama ng ibang

paninda nila. Laging busy ang *Fred & Nena's Meat Shop* dahil sa dami ng kanilang suki.

Nagkasakit ang isa sa mga trabahador ng mag-asawang Fred at Nena kaya naisipan ni Dante na tulungan sandali ang kaibigan sa negosyo. Kahit sinong nangangailangan sa bayan nila ay hindi nagdadalawang-salita kung may magagawa rin lang siya.

Sa lugar na iyon siya lumaki at nagkaisip. At dahil likas na matulungin, kilala siya ng halos lahat ng tao sa bayan. Hindi siya madaling makalimot ng mukha, kaya sigurado siya na ngayon lang niya nakita ang mestizang babae na bumili sa kanila kanina.

Paglapit pa lang nito sa stall nila kanina ay napansin na niya ito. Pansinin ito di lang dahil unang beses lang niya itong nakita, kundi dahil talagang napakaganda nito. Ibang-iba ang dating nito. Mukhang taga-lungsod at parang hindi sanay sa trabaho.

Ang totoo ay medyo nagulat siya dahil hindi niya inisip na ang isang tulad nito ay marunong mamalengke. Talagang kinilatis nitong mabuti ang karne bago binili iyon.

Pakiramdam niya ay saglit na saglit lang ito gayong

may sampung minuto yata bago nakapagdesisyon ang babae kung aling parte ang pipiliin. Kahit kay Fred ay hindi niya maitanggi na nabighani siya sa babae. Kinailangan niyang pigilan ang sarili na aksidenteng mahawakan ang kamay nito sa pag-aalala na baka ituring nito iyon na pagsasamantala.

Nakakaakit ang ganda at kinis nito. Talagang natutukso siyang hawakan ito kanina. In contrast to her fair skin was her long, wavy hair that cascaded all the way to her tiny waist.

Sa kabila ng nakabibighaning kagandahan nito, kapansin-pansin ang lungkot sa mga mata ng babae. Para bang hindi na ito kailanman mapapangiti ng kahit sino.

“Fred, kilala mo ba iyon? Bagong salta ba?” tanong niyang muli nang makaalis ang customer.

“Bakit ba parang masyado kang interesado d’un?” Walang kurap na tinaga ni Fred ang isang malaking parte ng baka.

“Wala lang. Masama ba magtanong?”

“Type mo, ’no?” Nakakaloko ang ngisi nito.

Siyang pagdaan ng asawa ni Fred na si Nena. Nagpapalit kasi ito ng pera sa kabilang tindahan para

may maipanukli.

Binatukan nito ang asawa.

“Hoy, Alfredo, ano’ng nginingisi-ngisi mo diyan?”

Napakamot ng ulo ang lalaki. “Itong si Nena, bawal na ba ang ngumisi?”

“Hindi, pero alam ko ‘pag ganyan ang hitsura mo, eh, meron ka na namang kalokohang ginagawa.”

“Nagtatanong lang si Dante kung sino ’yung mestisahing babae na bumili dito kanina. Eh, mukhang nakursunadahan ng kaibigan natin.” Ngumisi itong muli.

“Hoy, wala akong sinabing kinukursunada ko siya,” depensa ni Dante.

“Ah ’yun ba?” Inginuso ni Nena ang daan na tinahak ng babae. “Pamangkin iyon ni Sandra. Taga-Maynila. May tatlong buwan na yata siyang nandirito. Halos hindi iyon lumalabas ng bahay. Madalas namamalengke, pero parating napakaaga. Nagtataka nga ako’t tinanghali siya ngayon. Kasama niya si Sandra noong una kong makita. Di ko matanong kung bakit parang matagal siya rito. Ayoko namang mag-usisa.”

Lihim na napangiti si Dante. Kilala niya si Aling

Sandra at alam niya kung saan ito nakatira. Minsan na rin siyang nakasama sa pag-aani sa palaisdaan nito. Tila nakikiayon ang pagkakataon sa kanya. Sisiguraduhin niyang hindi iyon ang huling pagkikita nila ng dalaga.

Nagsisi si Dante na sumama pa siya sa inuman kagabi. Hindi siya makatanggi dahil kaarawan ng isa nilang kaibigan at matagal nang plano ang tungkol sa kasiyahang iyon. Tinanghali tuloy siya ng gising. Napakainit na ng sikat ng araw sa labas para sa anumang trabaho.

Nakapangako pa naman siya kay Aling Sandra na magtatrabaho sa palaisdaan nito. Kahapon ay nakasalubong niya ang matanda na galing sa kabilang baryo. Tinanong niya kung kailangan nito ng mag-aani ng tilapia sa palaisdaan. Gayon na lang ang tuwa niya nang makiusap ito na kung maaari ay siya ang gumawa niyon. Lumuwas umano ng Maynila ang sadyang mag-aani ng isda. Pakiramdam ni Dante ay nasa panig niya ang tadhana. Tila magkikita pa silang muli ng mestizang babae.

Hindi ganoon kalayo ang palaisdaan ni Aling Sandra mula sa bahay nito. Habang sakay ng maliit na lantsa ay unti-unting dumidistansya ang bahay

ng matanda sa kanyang paningin. Mabistahan pa ba kaya niya ang dalaga sa layong iyon?

Nandito ka para magtrabaho, hindi para abangan 'yung babae, saway niya sa sarili.

Pero hindi niya talaga maiwasan ang maya't mayang paglingon sa direksyon ng lumang bahay. Naalala niya ang sinabi ni Nena na madalang kung lumabas ng bahay ang babae.

Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman. Parang wala siya sa sarili habang nagtatrabaho. Pinilit niyang ituon ang isip sa ginagawa. Ini-inspection niya ang mga fish pens kung saan nakakural ang mga isda. Dapat suriin kung nasa tamang laki na ang mga isda bago anihin ang mga iyon.

Kapag ganitong summer ay delikado kapag hindi madalas natitingnan ang mga fish pens dahil bumababa ang tubig at kadalasan ay sumisiksik sa lupa ang mga isda. Naglalasang gilik ang mga isda kapag iyon ang nangyari.

Baka talagang hindi niya araw ito. Hindi siguro sila magkikita ng dalaga ngayon. Minabuti niyang ihagis ang lambat para hulihin ang ilang isda na sa estima niya ay puwede na. Napalingon siyang muli sa bahay.

Noon sumungaw ang mestisahing babae na may mahabang buhok.

Sumilay ang abot-taingang ngiti sa mukha ni Dante. Tila may sumisirko sa kanyang dibdib dahil nagpakita ito. Nakatingin ang dalaga sa malayo at parang wala sa kasalukuyang panahon ang iniisip.

Kinawayan niya ito. Alam niyang hindi siya kilala ng babae pero wala siyang pakialam. Gusto niyang makuha ang atensyon nito. Umaasa siyang sa ganoong paraan ay pukulan man lang siya nito ng tingin.

Sa sobrang excitement ay hindi niya napansin na nagpupumiglas na ang mga isda sa lambat. At dahil nakatayo siya sa lantsa, nawalan ng balanse ang binata nang umuga ang sinasakyan. Nakipaghilahan ang mga isdang nalambat, at huli na bago nakabawi ang binata.

Tumaob ang lantsa at tuluyan siyang nahulog sa tubig.

This quiet place had a soothing effect on her restless mind. Sinamyong ni April ang sariwang hangin habang nilalaro niyon ang ilang hibla ng kanyang buhok.

Napaka-therapeutic pagmasdan ng mga halaman at paligid. Pati ang maliwanag na langit ay nakikisama. Iba rin ang mga tao sa probinsya. Tila walang kapritso at kontento na sa simpleng buhay.

Napaliligiran ng malalawak na palaisdaan ang bahay ng kanyang Tita Sandra. Ang palaisdaan ang pangunahing pinagkakakitaan ng tiyahin. Doon nanggagaling ang pagkain sa kanilang hapag-kainan.

She silently thanked the heavens for giving her the sense to come here. Kahit papaano ay nakakalimot siya. She wasn't sure kung lubusan siyang makakalimot. After all, it had been more than three months already. Pero sariwa pa rin sa puso niya ang sugat na dulot ng kahapon.

“Tao po!”

Napasinghap siya nang marinig ang di-kilalang boses. Nawala sa nakaraan ang kanyang isip. Hindi kaya para sa kapit-bahay nila ang tawag?

“Tao po!”

Walang duda, sa pinto nga nila may kumakatok. Sino kaya iyon? Nitong mga nakaraang linggo ay madalas na wala sa bahay ang kanyang Tita Sandra. May inaasikaso itong negosyo sa kabilang bayan. May isang may-kayang pamilya na gustong magpa-supply

ng tilapia linggo-linggo. Iyon ang inaayos ng tiyahin.

Nang lumakas ang pagkatok ng nasa labas ay dali-daling bumaba mula sa ikalawang palapag si April. Inabot niya ang walis tambo sa ilalim ng hagdan bago lumapit sa pinto. Kahit pa sabihin na magkakakilala ang mga tao sa probinsya, mas mabuti na ang nag-iingat.

Nang buksan niya ang pinto ay laking gulat niya nang tumambad ang isang matangkad na lalaki na basang-basa... at amoy malansa.

“Miss, pasensya na sa abala. Ako si Dante. Dante de Guzman. Ako ’yung kinuha ni Aling Sandra para anihin ’yung mga isda sa palaisdaan. Nahulog kasi ako sa lantsa kaya makikiusap sana ako kung puwedeng makigamit ng banyo? Magpapalit lang sana ako ng damit.”

Parang nahipnotismo si April habang nakatingin sa lalaki. Wala ni isa sa sinabi nito ang nag-register sa utak niya. But she definitely noticed his height, ang basang katawan nito at ang nangungusap na mga mata. Hindi niya alam pero para bang tuwang-tuwa ito na nakita siya.

“Miss? Okay lang ba?” tanong nitong muli.

“Ha?” parang tangang sambit niya.

“Ang sabi ko kung okay lang na makigamit ng banyo para magpalit ng damit?”

Saka lang niya naalala ang bilin ng tiyahin na mayroon itong pinakiusapan na tumulong sa palaisdaan dahil nasa Maynila si Mang Tonio. Nag-alangan siya dahil hindi niya pa ito kilala, at wala pa roon ang tiyahin para estimahin ito. Talagang mailap siya, kahit na sa mga bagong kakilala. Since Rico, she had been suspicious when it came to men. At dahil dayo siya sa lugar na iyon, minsan ay nag-aalala siya na baka mapag-trip-an doon ng mga basagulero. Naniniwala siya na kahit saan ay hindi nawawalan ng masasamang-loob.

Marahil ay nabasa ng estranghero ang pag-aalala sa kanyang mukha.

“Kung nagdadalawang-isip ka, puwede nating tawagan si Aling Sandra. Kilala ako ng mga tao dito, Miss. Wala kang dapat ipag-alala, hindi ako masamang tao,” sabi ng lalaki.

“P-pasensya na. Nakalimutan ko kasi na may ibinilin nga pala si Tita Sandra. Sige, umikot ka na lang sa likod ng bahay. Mas malapit doon ang banyo.”

Tumango ang lalaki. Isinara niya ang pinto pagkatalikod nito. Mabilis niyang tinungo ang dulo

ng bahay para unahan ito, pero nagulat si April nang pagbukas niya ng pinto ay muntik na siyang bumangga sa matipunong dibdib nito. Napaatras siyang bigla sa pagnanais na umiwas.

“Ah, dito, sumunod ka lang,” aniyang di makatingin dito. Iginiya niya ito sa loob ng bahay. Hawak pa rin niya ang walis. Hindi niya alam kung bakit gayon na lang ang nerbyos niya sa isiping napakalapit lamang nito. Nararamdaman niya ito sa kanyang likuran.

Sa wakas, narating nila ang guest room sa dulo ng pasilyo. Minarapat niyang doon ito patuluyin. Ila-lock niya talaga ito sa loob ng kuwartong iyon kung magtangka ng hindi maganda. Binuksan niya ang pinto ng silid.

“Sandali lang at ikukuha kita ng tuwalya.”

“Salamat. Pasensya na sa abala.” Naroon ang hiya sa ngiti nito.

Nang makalayo ay saka lang niya napansin na kanina pa pala niya pinipigil ang hininga. Hindi dahil masangsang ang amoy nito, kundi...

Bakit nga ba?

Binilisan na lang niya ang kilos. Kumuha siya

ng bath towel at face towel sa cabinet saka bumalik sa guest room. Pumasok siya sa silid at ipinatong sa isang upuang kahoy ang dalawang tuwalya. Nakita niya ang backpack na nasa sahig. Hindi niya napansin na bitbit nito iyon kanina.

Kinuha ng lalaki ang mas maliit na towel at ginamit iyon upang punasan ang mukha at braso. Akmang maghuhubad ito ng suot na t-shirt nang magsalita siya.

“Ah, eh...” nauutal na umpisa niya.

What the hell is happening to you, April?

Napatigil sa gagawin ang lalaki at tumingin sa kanya.

“Ano ’yun?”

“Kasi... ano...” Hindi niya alam kung paano sasabihin ang gusto sa paraang hindi makaka-offend.

“May problema ba?”

“Ah... hindi ka ba maliligo? A-ang lansa kasi ng amoy mo.” She felt the blood rise up to her cheeks.

Bago pa nakapag-react ang binata ay mabilis na siyang lumabas ng kuwarto. Ayaw niyang makita ang expression nito sa kanyang sinabi.

3

Kung posible lang sanang lamunin na lang siya ng lupa nang mga oras na iyon, hiniling na ni April. Daig pa niya ang sinisilaban. Kanina pa siya palakad-lakad sa kusina.

Ano kaya ang iniisip ng lalaki?

Ano nga uli ang pangalan n'un?

Dante. Pangalan pa lang pang-bida na. At sa guwapo nito, kahit sinong babae ay madaling mapapaibig.

Siguro ay iniisip ni Dante na weirdo siya. Sino bang matinong babae ang tuwirang magsasabi sa bagong kakilala na malansa ang amoy nito? Didn't she know how to 'soften the blow' as they say?

Hindi nga siguro. She had always been candid, yes. But what she did was hit the guy below the belt!

Eh, sa totoo namang amoy malansa siya, depensa niya sa sarili.

What did she expect? Nahulog sa fishpen iyong tao. Natural mangangamoy isda iyon. She felt like she had been rude to him. Gayon pa ang nagawa niya

pagkatapos nitong pumayag sa pakiusap ng kanyang Tita Sandra.

Dapat siguro ay humingi siya ng dispensa. Tama. It was the proper thing to do.

She was rehearsing her apologies while walking to and fro. Nababaduyan siya sa lahat ng salitang naiisip. Paano ba siya magso-sorry?

Pasensya ka na kung masyado akong prangka.

Sorry kung na-offend kita.

Sorry kung sinabi kong amoy malansa ka...

Ahh! Bahala na. Sasabihin na lang niya kung ano ang unang pumasok sa isip niya.

Kasabay ng pagbukas niya ng pinto ng guest room ay ang pagbukas ni Dante ng pinto ng banyo. The towel was tightly wrapped around his lean hips. Droplets of water were sluicing from his dark head to his sinewy arms and limbs.

Pareho silang natigilan.

Naramdaman ni April ang pag-iinit ng mukha. At dahil sa kaputian ay halatang-halata na nagba-blush siya. Bigla siyang tumalikod at napapikit.

Oh, God... Baka isipin ni Dante na binobosohan

ko siya!

“Naiwan ko kasi sa labas ng banyo ‘yung pamalit kong damit. Pasensya na. May kailangan ka ba?” bale-walang tanong nito.

All thoughts of apology evaporated in the air. Nawalan siya ng sasabihin. Baka kapag ibinuka niya ang bibig ay kung anong katangahan na naman ang magawa niya.

Nagre-replay sa isip niya ang washboard abs nito. Hindi niya maimulat ang mga mata. Patuloy niyang naaalala ang paglalandas ng tubig sa malapad na dibdib ng lalaki. Kahit nakatalikod siya, hindi mawaglit ang epekto ng katawan nito sa kanya.

Her mouth ran dry. Parang nakaka-suffocate sa loob ng preskong silid dahil napakalapit nila sa isa’t isa.

“W-wala. Itatanong ko lang sana kung ano’ng gusto mong merienda?” Gusto niyang batukan ang sarili. That was just about the lamest line in the most awkward situation ever.

Naramdaman niya ang paggalaw nito sa bandang likuran niya. From the corner of her eye, she saw him put on a fresh pair of tattered jeans.

Was he decent now? Siguro naman ay puwede na siyang humarap dito? So she did.

And was blown away.

Hindi niya inaasahan ang matinding epekto ng matipuno nitong pangangatawan sa huwisyong niya. His skin was made bronze by the sun; the muscles in his biceps strong and tempting.

Ano kaya ang pakiramdam ng mayakap nito? Would his muscled chest feel as warm as it looked? The man was oozing with sex appeal. Walang sinabi rito ang ex-boyfriend niya!

Tantiya ni April ay hanggang balik lang siya ni Dante. She would probably fit quite snugly under his chin when he embraced her.

Wait... *when?* Hindi *if?* What in the world was wrong with her? She was acting like a high school virgin na noon lang nakakita ng katawan ng lalaki.

That woke her up. Napahiya siya sa sarili. Parang nakalimutan na niya ang dahilan kung bakit nandito siya. Certainly not to hook up with some random guy. No.

Not even if he was sexy as hell.

“Kahit ano’ng meron. Salamat. Nag-abala ka

pa,” sagot nito, pagtapos ay nagsuot ng isang tuyong t-shirt.

Thank God you covered that sinful body!

“Okay. Pagkatapos mo, pumunta ka na lang sa komedor. Ihahanda ko lang ’yung merienda.” Nakalabas na siya ng silid bago pa nakasagot ang binata.

April didn’t know if she was just imagining it, but she could swear she saw a smile on the corner of his lips.

Abot-tainga ang ngisi ni Dante. Kaninang nagbibihis siya ay ramdam niya ang mga mata ng dalaga na nakasunod sa bawat kilos niya. Walang halong pagmamalaki, pero alam niyang marami ang humahanga sa hubog ng kanyang katawan. He was used to hard labor, he didn’t need a regular workout in the gym to maintain his excellent physique.

The serious work toughened not only his outlook in life, but his body as well.

Napangiti muli siya nang maalala ang paghagod ng tingin ng dalaga sa kanya. She had no idea that he had made a discreet assessment of her appearance

too.

She was wearing a blue cotton sundress with spaghetti straps. Lalo tuloy tumingkad ang kaputian nito. His eyes covertly scanned her tiny waist. Dante was thinking he could span it with his right hand alone. Bahagya lang niyang nakita ang mukha nito, but it was more than enough for him. Her beauty was the unforgettable kind.

Her long, fragrant hair framed her perfect, heart-shaped face. Alam niyang natural ang pamumula ng mga pisngi nito—napagbuksan kasi siyang nakatapis lang ng tuwalya.

Naaalangan man na inabutan siya ng dalaga sa ganoong ayos, nagpapasalamat pa rin siya. Pakiramdam niya ay may puwersang humihila sa kanila sa isa't isa. He was attracted to her. Aminado siya na nakuha agad nito ang kanyang pansin nang unang beses pa silang magkita. He didn't want to name what he felt exactly, but Dante knew he was more than just attracted to the girl.

Pero base sa expression nito, tila hindi magiging madali ang pagnanais niyang mapalapit ang loob dito. Pakiramdam niya ay may mabigat na dahilan kung bakit parang ilag ito sa mga tao.

Sanay siya na nakukuha agad ang loob ng mga taong nakakasalamuha, kahit hindi pa siya lubusang kilala ng mga ito. Maraming nagsasabi na madali siyang i-approach, hindi mahirap kausap, alam kung hanggang saan dapat ang pagbibiro at kung kailan kailangang magseryoso. At ipinagpapasalamat niya na ganoon ang ugali na napapansin sa kanya ng mga kaibigan at kakilala.

Pero mukhang naluma siya sa dalaga. Gagamitin na lang niya ang katangiang pinakagusto niya sa sarili—ang pagiging matiyaga. *Patience is a virtue.* At pasensyoso siyang tao. Wala sa bokabularyo niya ang sumuko.

Ang agenda—alamin ang pangalan ng babae at ang tunay na dahilan ng pagpunta nito sa Binmaley.

Na-tense si April nang pumasok si Dante sa komedor. She smelled the light citrus fragrance of the soap he used. Coupled with his unique masculine scent, she found the combination quite pleasant.

Bigla niyang sinaway ang sarili. Ni hindi niya ganoon kakilala ang lalaking iyon, pero heto siya at kung anu-anong kabaliwan ang naiisip.

“Mukhang mabango ’yan ah,” anito buhat sa

likuran niya.

Pakiramdam ng dalaga ay nanayo ang balahibo sa kanyang batok. Ipinagpatuloy niya ang paghahalo sa niluluto na parang walang narinig. Umingit ang upuan. She turned around and saw the man smiling at her as if it was the most natural thing in the world.

He was wearing a fresh cotton shirt that emphasized his lean torso. Two dimples graced his cheeks when her eyes traveled up his face. Nag-init muli ang mukha niya.

Jeez!

She was acting like an innocent girl na noon lang nakakita ng lalaki. For the first time in her life, all sense of rationality flew out of her brain.

She needed to pull herself together.

“Okay lang ba na ginatan?” tanong niya, tinutukoy ang merienda. Bumalik siya sa kalan at kumuha ng mangkok para magsalin doon ng niluto.

“Tamang-tama, paborito ko ’yan,” tuwa nitong tugon. Inilapag niya ang bowl sa mesa kung saan nakapuwesto ang binata at inabutan ito ng kubyertos.

“Samahan mo naman ako mag-merienda, kung okay lang. Nakakailang na ako lang ang kumakain,”

anito.

Naunsiyami tuloy ang plano niyang pag-eskapo.

“Sige,” aniya. Kumuha siya ng isa pang serving at umupo sa tapat nito. Iniwasan niyang mapatingin kay Dante. Nag-concentrate na lang siya sa pagkain.

Gayunman, pakiramdam niya ay pinagmamasdan siya ng lalaki. Bakit ba gayon na lang ang bigat ng tingin nito sa kanya? At bakit siya naapektuhan?

Sana bilisan na nito ang pagkain para makaalis na ito sa bahay. Pakiramdam niya ay nasa ilalim siya ng microscope habang nakatitig ito.

“Snow White?”

Natigilan siya. She looked up.

Sabi na nga ba at nakatitig ito. Pero may kakaiba sa tingin ng lalaki. It was as if a realization suddenly dawned upon him. Bahagya tuloy nagsalubong ang mga kilay niya.

“Ikaw nga! Snow White!” he exclaimed.

Ano ba'ng nakain ng lalaking 'to?

Wala naman siyang kakaibang inilagay sa niluto niya. “Hindi mo ba natatandaan? Snow White,” itinuro siya nito, pagkatapos ay ang sarili, “Nog.”

It fell down on her like a ton of bricks.

During her childhood years, paminsan-minsan ay sumasama siya sa mama niya para bumisita kay Tita Sandra. She was around eight years old when she met a ten-year old boy who was so tall he towered over her petite frame.

Ang lalaking ito si Nog? Si Dante?

Back then, parati itong naglalaro sa labas kaya siguro parang kapeng may gatas ang kulay ng balat nito. Being raised in the city, April was drilled to stay inside the house and had little to no opportunity to play under the sun. Isa siguro iyon sa dahilan kung bakit maputi siya. But she could not remember a time when her complexion was even a light shade of brown. Talagang ipinanganak na siyang ganoon.

Nang minsang payagan ng ina na maglaro sa labas ng bahay ng kanyang Tita Sandra, nakilala niya ang batang kayumanggi ang katawan at mukha. Pero sa halip na makipaglaro sa kanya ay tinukso siya nitong 'Snow White'. Sa inis niya ay tinawag niya itong "Nog", short for sunog.

Hindi sa lahat ng pagkakataon na binisita nila ang kanyang tiyahin ay nakikita niya ang batang iyon kaya nang magtagal ay nakalimutan na ni April ang

tungkol dito. Ngayon na lang uli nagbalik sa kanya ang lahat.

“Sabi ko na nga ba. Nagkita na tayo noon kaya pamilyar ka sa ’kin. Ilang taon ka ding nawala, ah. Alam kong hindi tayo gan’un ka-close n’ung mga bata tayo, pero I hope you don’t mind that I act friendly around you now. Isipin mong di kita agad nakilala? Sabagay, ilang taon din ang nagdaan. Pero anemic ka pa rin.” Tumawa pa ito.

“Nang-aasar ka ba?” tanong niya. Naalala na niya ito ngayon. Lalo na ang mga panunukso nito noon. Kesyo maputla raw siya. Kulang sa dugo. Anemic.

But look at him now. Puwedeng pagkakitaan ang mukha at pang-modelo ang matipunong katawan. He was intimidating. Paano naging ganito ka-guwapo ang pilyong bata na iyon?

Ibinaba ni Dante ang kutsara at ikinumpas ang kamay.

“Hindi, ah. Ito naman, di na mabiro. Hanggang ngayon ba inis ka pa rin d’un?”

“May pangalan ako, hindi Snow White,” asik niya.

“Pero hindi ko alam ang pangalan mo. Snow

White lang ang alam kong bagay sa 'yo," depensa nito.

"April," matabang niyang sagot.

"Ano'ng meron sa April?"

"April ang pangalan ko."

"Ah, April. Cute. April...?" patuloy nito.

"April Marie Fontanilla," mataray na sagot niya, at sumubo ng ginatan. Nakasimangot pa rin siya habang ngumunguya.

Narinig niyang umismid ito.

"Hindi bagay sa 'yo ang nakasimangot. Nakakabawas ng ganda mo. Teka, 'wag kang malikot." He reached out his hand to wipe the soupy dribble from the side of her mouth.

April literally froze on her seat. Hindi niya inasahan na gagawin nito iyon. Heck, she barely knew the man!

And here he was, acting all intimate with her.

His touch wreaked havoc to her senses. Parang nag-short circuit ang utak niya nang dumampi ang daliri nito sa gilid ng kanyang bibig. Pareho silang natahimik, tila kapwa naramdaman ang boltahe ng kuryenteng namagitan sa kanila.

It was Dante who eventually broke the silence.

“So, kumusta ka na? Nagbabakasyon ka ba sa Binmaley? Hanggang kailan ka dito?”

She chose not to answer his questions. Tama na siguro iyong mga bloopers na nangyari kanina. She really didn't want to get close to anyone, certainly not to this man who used to torment her as a child. Kahit pa malayung-malayo na ang hitsura nito sa makulit na batang nakilala niya.

Nakailang tanong muli si Dante bago napagtanto na hindi talaga sasagutin ni April ang kahit anong pag-uusisa nito. Naka-dalawang serving pa ito ng merienda bago nagpaalam para bumalik sa trabaho sa palaisdaan.